

## Programa na nakabase sa Komunidad

### Serbisyong Pantahanan para sa mga Batang Probationer at Kabataan na may Mataas na Peligro

#### Paglalarawan sa Serbisyo

Pinatatakbo ng Youth Outreach ang Transisyonal na Pabahay para sa mga Batang Probationer at Kabataan na may Mataas na Peligro (ang Serbisyo) sa ilalim ng ayuda ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan. Ito ay isang serbisyong pantahanan na naglalaan ng mga pasilidad ng hostel at mga programa ng pagsasanay na pansuporta na tumatagal ng hindi hihigit sa 12 buwan para sa mga batang probationer at kabataan na may mataas ang peligro na isinangguni ng mga Opisyal ng Probation at panlipunang manggagawa ayon sa pagkakasunod-sunod. Sa pamamagitan ng isang kapaligiran na may istruktura at mga programa na angkop na idinisenyo, nilalayon ng Serbisyo na tulungan ang mga probationer at kabataan na may mataas ang peligro na lumago nang may mataas na antas ng kontrol sa sarili at mga nagsasariling kasanayan sa pamumuhay upang sa gayon sila ay makabalik sa komunidad bilang mga responsableng mamamayan.

#### Mga Inaasintang Grupo

1. Mga batang probationer ng kapwa kasarian na may edad 15 hanggang 21 (wala pang 21 sa petsa na tinanggap) na isinangguni ng mga Opisyal ng Probation.
2. Ang mga kabataan na may mataas ang peligro ng kapwa kasarian na may edad 15 hanggang 21 na nagtatrabaho/walang trabaho/under-employed na may mga problema sa pag-uugali at/o emosyon at nagpapakita ng mga pangmatagalang kahirapan sa trabaho, mga problema sa ugnayan sa pamilya at/o hindi kaaya-ayang pakikisalamuha sa mga barkada tulad ng isinangguni ng mga panlipunang manggagawa.

#### Kapasidad

Ang sukdulang bilang ng mga lugar ay 50 para sa kalalakihan (kasama ang 40 para sa mga probationer at 10 para sa mga kabataan na may mataas ang peligro) at 20 kababaihan (kasama ang 15 para sa mga probationer at 5 para sa mga kabataan na may mataas na peligro) na inilalaan sa anumang pagkakataon, na may prayoridad sa mga kaso ng probationer.

#### Tirahan at Numero ng Telepono

##### Transisyonal na Pabahay para sa mga Batang Probationer at Kabataan na may Mataas ang Peligro -

	Seksiyon ng mga Kalalakihan	Seksiyon ng mga Kababaihan
Tirahan	7/F, Youth Outreach Jockey Club Building, 2 Holy Cross Path, Sai Wan Ho, Hong Kong	Flat B, 11/F, Youth Outreach Jockey Club Building, 2 Holy Cross Path, Sai Wan Ho, Hong Kong
Telepono	2384 3004	2965 9247
Fax	2804 8626	2804 8632